



# Suriin ang nilalaman ng Payment slip



Mabuting maintindihan ang nilalaman ng payment slip.  
Narito ang paliwanag.

※Maaring maiba ang nilalaman sa ibang kumpanya					20XX年X月分
(1) 勤務	1 出勤日数		公休日数	3 有給日数	(4)差引支給額
	21				308,905
	2 超勤時間	深夜時間	遅早外時間		
(2) 支給	60				
	4 基本給	管理職手当	夜勤手当		
	230,000				
	5 通勤手当	6 住宅手当	7 扶養手当	8 超勤休日手当	総支給額
3,500	10,000		112,200	355,700	
(3) 控除	9 健康保険料	10 厚生年金料	11 雇用保険料	12 介護保険料	非課税額
	13,000	22,716	1,589	0	3,500
	13 所得税	14 住民税	財形		控除額合計
	7,490	0	2,000		46,795

(1) Serbisyo		Bilang ng araw/oras ng pagpasok
1	Araw na nagtrabaho	Bilang ng araw na nagtrabaho sa kumpanya, ayon sa time card o iba pa.
2	Overtime	Trabahong maliban sa takdang oras gaya ng overtime work at holiday shift. Suriin kung may overtime na trabaho.
3	Bilang ng may bayad na holidays	May bayad na mga holidays ng buwan.
(2) Kabayaran		Binayaranang sahod ng kumpanya. Iba' t-iba ang allowances ayon sa kumpanya.
4	Takdang sahod	Takdang halaga ng sahod
5	Allowance sa transportasyon	Allowance sa transportasyon gaya ng commuter pass charge
6	Allowance para sa tirahan	Housing allowance na bigay ng kumpanya. Magkakaiba ang halaga ayon sa sitwasyon kung umuupa o sariling bahay, kung may pamilya o wala.
7	Allowance sa dependant	Tinatawag ding allowance sa pamilya. Ibinabayad sa empleyadong may asawa o mga anak.
8	Holiday allowance, overtime allowance	Ibinabayad sa trabaho na overtime o kapag holiday.
(3) Mga Bawas		Ibinabawas sa kabuuan ng halaga ng (2)
9	Health insurance premium	Ang gastusin kapag nagkasakit o naaksidente ay may bawas. Nagbabayad ng insurance premium ang kumpanya at ang empleyado. Nakatala dito ang binayaran ng empleyado.
10	Employees' pension	Paseguro para sa gastusin pagtanda. Binabayaran ng kumpanya at empleyado ang insurance premium. Nakatala dito ang bayad ng empleyado.
11	Employment Insurance Premium	Paseguro ng empleyado para sa gastusin sakaling mawalan ng trabaho.
12	Income tax	Buwis na babayaran ayon sa halaga ng sahod.
13	Resident tax	Binayaranang buwis sa lokal na pamahalaan. Ikinakarga ito sa kinita ng nakaraang taon.
14	Nursing care insurance premium	Paseguro para sa pangangalaga sa pagtanda kung ang lebel ng nursing care ayon sa antas ng pamahalaan ay nararapat at kinakailangan. Kailangang bayaran ng mga empleyado na may 40 taong gulang pataas.
(4) Kabayaranang sahod		Makukuha ang halaga sa pagbawas ng (2) - (3)

**FICEC Japanese language class**

**“Masayang Bagong Taon”**



● **Subukan sa Bagong Taon ang Kakizome (calligraphy)**

**Enero 17 (Huwebes)**

**Pagkatapos ng Japanese Language class**

Isang kaganapan sa bagong taon ang Kakizome. Isulat ang paboritong salita, pangarap, o ninanais ngayong taon gamit ang writing brush. Umasa tayo na maging maganda ang parating na bagong taon.



● **Ano ang Japanese era name?**

Taong 2019 ngayon at “Heisei 31 nen” din ito. Sa Japan, ginagamit ang era name sa pagbilang ng taon simula ng pag-uupo ng Emperor ng Japan, maliban sa western or Christian era (2019). Sa Abril ay matatapos na ang Heisei era. At sa Mayo, ang bagong Emperor ng Japan ay uupo sa trono at magkakaroon ng bagong era name. Malalaman sa Abril ang bagong era name. Makasaysayan ang papasok na taon. Sama-sama tayong mag-aral ng Nihongo.

**Sanay ka na ba sa Japanese? Subukan natin ang ibang wikang banyaga**

**Tel.256-4290**



**English conversation class ni Ms Elena**

Nilalaman	Matuto tayong makipag-usap sa Ingles, simula ABC at pagbigkas ng mga salita. Ipapaliwanag ng guro sa Nihongo kung hindi maintindihan.
Guro	Tubong-Russia na matagal nang naninirahan sa Japan
Singil	1000 yen kada lesson
Kelan	Tuwing Lunes (11:00 – 12:00)
Lugar	2nd Flr. FICEC

**Chinese conversation class ni Ms Jan**

Nilalaman	Masiyahang matuto ng wikang Chinese at ng kanilang kultura, simula sa pagbigkas at pangkaraniwang pag-uusap.
Guro	Tubong-China na 25 taon nang naninirahan sa Japan. Kahit bago pa lang nag-aaral tiyak mawiwili.
Singil	1000 yen kada lesson
Kelan	Enero 11, 18, 25, Pebrero 1, 8, 15, 22 (mula 14:00 - 15:00)
Lugar	2nd Flr. FICEC

**International salon  
Inaanyayahan namin kayo sa cooking classes sa taong ito**

● **“Afternoon Tea” sa Pebrero**

Pebrero 8 (Byernes) 13:30 –

**Cake, scone, pie, sandwich, tea**



- Sama-sama tayong masiyahan sa snacks at tsaa
- Singil: 2000 yen
- Lugar: Piazza Fujimi (Tapat ng east exit ng Fujimino station)
- Magpalista sa: FICEC Tel.256-4290

**Cooking class Schedule**

- Abril “Lutuing Uzbekistan”
- Hunyo “Lutuing Korean”
- Agosto “Lutuing Pakistan”
- Oktubre “Lutuing Cameroon”

- Matuto tayo ng mga tubong lutuin ng iba’ tibang bansa
- Singil: 2000 yen
- Lugar: Piazza Fujimi
- Detalye: tingnan sa Facebook FICEC page.



**Gabay sa pamumuhay ng mga banyagang residente sa 6 na wika sa FICEC website**

Mga impormasyon at serbisyo ng mga syudad at bayan ng Fujimi-shi, Fujimino-shi at Miyoshi-machi ay mababasa.

[Mga wika - Japanese, Chinese, Korean, English, Portuguese, Tagalog]

